

Ang Karaniwang Filipino
bilang Daluyan ng Diskursong Pilosopikal:
Panayam kay Dr. Feorillo Petronilo A. Demeterio III



ni Jonathan Vergara Geronimo

Isa sa mga itinuturing na pangunahin mahusay na programa sa Unibersidad ng Santo Tomas ang programang Pilosopiya na may mayamang tradisyon at kasaysayang humubog ng mga pambansang iskolar at pilosopo na may malaking ambag sa pagsusulong ng Filipinisasyon ng Pilosopiya at Araling Pilipino sa bansa.

Sa mahabang listahan ng mga Tomasinong pilosopo, isa si Dr. Feorillo Petronilo A. Demeterio III sa mga tumitindig sa halaga ng pamimilosopiya sa Filipino at pananaliksik sa Araling Pilipino sa harap ng mga kasalukuyang isyu at hamon ng ASEAN integration, programang Kto12 at internasyunalisasyon.

Nagtagpos si Dr. Demeterio, o Dr. Yummy para sa maraming estudyante, ng Batsilyer sa Pilosopiya (1990) at Licentiate of Philosophy (1991) sa Fakultad ng Pilosopiya ng UST at kapwa nagtamo ng karangalang *Magna Cum Laude* sa mga nasabing programa. Sa UST niya rin tinapos sa loob ng isang taon ang kanyang Masterado sa Pilosopiya (1992) na may karangalang *Meritissimus* at Batsilyer sa Sagradong Teolohiya (1994) sa Fakultad ng Teolohiya at muling nagkamit ng karangalang *Magna Cum Laude*. Mula batsilyer hanggang digring masterado, hinubog ng Tomasinong edukasyon si Dr. Demeterio na nagpalalim ng kanyang pag-unawa at pagpapahalaga sa pilosopiya at teolohiya. Samantala, nakamit naman niya ang digring Doktorado sa Araling Pilipino na nakatuon sa mga larangan ng Komparatibong Panitikan, Panlipunang Sikolohiya at Pilosopiya mula sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman noong 2004. Marami sa kanyang mga pananaliksik na naisulat sa wikang Filipino ang nagtangkang magpalalim sa pananaw ng mga kilalang pilosopo sa daigdig at ilapat ito sa karanasang Pilipino. Gayundin, tampok sa kanyang pagtuturo at mga pag-aaral ang dalumat ng kaakuhang Pilipino sa kasaysayan, antropolohiya, kultura, panitikan at wikang pambansa. Sa ganitong kadalubhasaan, nakalilikha siya ng talaban sa iba't ibang larangan na nagsisilbing makabuluhang ambag nito sa pag-aaral at pagtuturo ng Pilosopiya at Araling Pilipino.



HASAAN

Kaugnay sa panloob na tungkulin ng HASAAN na maging imbakan ng mga ambag ng Tomasinong iskolar sa Araling Pilipino, narito ang isang panayam ukol sa kahalagahan ng wikang Filipino sa larangan ng pagtuturo at pananaliksik sa larangan ng Pilosopiya at Araling Pilipino. Tunghayan natin sa panayam ang mayamang diskurso at talaban ng dalawang mahalagang larangan na nagpayaman sa karanasan ni Dr. Demeterio bilang pilosopo, kritiko, iskolar, guro at administrador sa edukasyon.

Hasaan Journal (HJ): Bakit at kailan po kayo unang gumamit ng Filipino sa pagtuturo at pananaliksik sa larangan ng Pilosopiya?

Dr. Feorillo Petronilo A. Demeterio III (FPD): Una akong nag-eksperimento noong may extension project ako sa Mindoro. Guro ako sa San Beda noon, pero may *two weeks* akong *off* para magturo sa San Agustin Major Seminary. Doon ko nga yata naging estudyante si Emman¹. Nalaman kong hindi kasing taas ang antas ng pag-lingles ng mga estudyante sa Mindoro kaysa mga estudyante sa San Beda, kung kaya kailangan kong gumamit ng wikang madaling maipapaunawa ang mga konsepto. Mahirap na ang Pilosopiya ay mahihirapan pa sa wikang gagamitin. Napansin kong mas interesado at makabuluhan ang interaksyon kapag nasa wikang Filipino ang talakayan namin ng mga estudyante. Unti-unti noong nasa San Beda na ako, ginagamit ko na minsan yung Filipino. *Although* sa pagsusulat ay Ingles pa rin ang ginagamit ko noon. Naging ganap lang ang paggamit ko ng Wikang Filipino nang malipat ako sa La Salle. Alam naman natin ang kwento sa San Beda, isinara ang *department* namin, dahil na-*involve* kami sa student activism. Mabuti na lang na may estudyante ako dito sa La Salle na inimitahan ako na magturo, si Dr. Rhod [Nuncio] nga 'yun, na *Chairman* ng *Filipino department* noon. Noong nasa La Salle na ako, sa Filipino department ako nagturo. *So*, talagang napilitan akong magsulat at magturo gamit ang wikang Filipino. Ang unang naisulat kong libro sa Filipino ay "Ang Ideolohiyang Politikal ng CBCP" at natutuwa akong simula noon ay unti-unti na akong nasanay sa pagsusulat sa wikang Filipino. Dahil hindi kumpleto at hindi ganap ang pagiging eksperto ko sa Pilosopiyang Filipino kapag nag-lingles ako. Parang mayroong *irony* kapag sinasabing dalubhasa ka sa Pilosopiyang Filipino tapos nagsusulat ka sa wikang Ingles. Iyon siguro ang pinakamagandang nangyari sa paglipat ko [sa La Salle].

HJ: Sa pananaliksik, bakit po mas gumagamit kayo ng wikang Filipino?

FPD: Para mas basahin ng mga tao. Nagsusulat ako sa Ingles at Filipino. Kapag titingnan ko 'yung academia.edu, nate-trace nito ang *usage*, nagda-download o nagbabasa ng aking mga papel. Nakikita kong sobrang dami ng nagbabasa sa mga sanaysay ko na nakasulat sa Filipino. Kapag ang sanaysay ay nakasulat sa wikang Ingles, kaunti lang ang nagbabasa. Kapag ikaw ay propesor, gusto mong magkaroon ng impluwensiya at magkaroon ng pagkakataong mabasa ng mas maraming Pilipino.

¹ Si Dr. Jovito "Jovy" Cariño ay kasalukuyang propesor ng UST-Departamento ng Pilosopiya na nagsusulat din ng mga artikulo sa wikang Filipino. Liban sa mga pag-aaral na nakatuon sa pilosopiya, interes niya rin ang mga pananaliksik sa larangan ng kultura, kasaysayan at panitikang Filipino.

Dapat isulat mo ang pananaliksik mo sa Filipino. May mapa kasi ang academia.edu na makikita mong kapag Pilipino ang nagbabasa, mas gusto nila ay iyong mga sanaysay kong nasa Filipino.

HJ: Ano ang nakikita ninyong kalakasan ng Filipino sa pagtuturo at pananaliksik?

FPD: Kapag wikang Filipino yung gagamitin mo, mas magsasalita yung mga estudyante. Mas may *interaction* sa pagitan ng guro at estudyante. Kapag Ingles, medyo tahimik na lang ang bata o kahit mag-Ingles, maya-maya mapapansin mong Filipino na ang ginagamit. Parang wala rin, bakit pa mag-Ingles? Ibig sabihin, para magkaroon ng tuloy-tuloy na diskurso, kailangang nasa Filipino ang talakayan. Sa pagsusulat naman, madaling magsulat gamit ang wikang Filipino kasi mas sanay at makapagpapalalim tayo sa sarili nating wika. Ang problema nga lang sa pagsusulat ng Filipino ay limitado ang *outlet* para sa *publication*. Samantala, kung naisulat mo sa Ingles, mapa-*publish* kaagad 'yan, dahil mas marami pa rin ang *journal* na nasa wikang Ingles ang nakasulat dito sa Pilipinas. Nakakalungkot ang ganyang realidad. Kapag nagmamadali ka, gusto mong ma-*promote*; gusto mong ma-*publish* ang mga gawa ng estudyante mo, minsan sinasabihan mo kung saang *journal* ba nila gustong ma-*publish*, kung sa Ingles ba o sa Filipino? Hindi ako partikular masyado sa wika, dahil sa akin, sumusunod pa rin ako sa patakaran ng *language policy* ng bansa na dapat *bilingual* tayo. Sa akin, siguro ang isang bagay kung bakit hindi masyadong tinatanggap yung Filipino dahil sa purista na *stance* ng mga nasa Filipino Department. Kaya ako, sumusunod sa *bilingual policy* na dapat kung magaling ka sa Filipino, dapat magaling ka rin sa Ingles. O kung magaling ka sa Ingles, dapat magaling ka sa Filipino. Sa ganyan sa palagay ko, mas makaka-*adapt* tayo sa sitwasyon. Ang reality kasi, mas maraming *journal* ang tumatanggap sa Ingles at merong iilan lamang sa Filipino. At dapat nating hamunin ang mga *journal* na iyan na tumanggap na rin ng artikulo sa Filipino.

HJ: Liban sa mga nabanggit na limitadong *outlet* sa publikasyon, ano ang mga nakikita ninyong limitasyon ng wikang Filipino partikular sa pagsasalin ng mga termino sa Pilosopiya?

FPD: Walang problema diyan. Hindi ko naging problema yan. Wala akong nadaanang problema dahil matatag na masyado ang mga prinsipyo natin sa pagsasalin. Kapag hindi maisalin, naghahanap ka ng katumbas sa ibang wika ng Pilipinas o maghanap ng katumbas sa Espanyol o Ingles, kaya walang problema yan.

HJ: Sa Pilosopiya hindi ninyo problema ang mga teknikal na salita, paano naman ang mga konsepto?

FPD: Hindi rin problema. Wala akong nakikitang problema kasi matatag na ang prinsipyo natin. Laganap na 'yan, at marami nang nakakaalam niyan. Isa sa pinakabinabasa kong artikulo sa academia.edu, iyong sanaysay ko tungkol kay Albert Einstein. Ang problema ko sa artikulo na 'yan ay kung kaya bang gamitin ang wikang Filipino sa matataas na antas ng agham? Sa Physics ni Einstein, halimbawa, kaya bang gamitin? Sa halip na ubusin ko ang panahon o oras ko sa pagsagot kung kaya ba o hindi, sinubukan kong gumawa ng panayam tungkol sa teorya ni Albert Einstein

HASAAN

sa wikang Filipino. Nagawa ko. Sa dulo ng sanaysay na iyon ay meron akong *reflection* kung paano ko ginawa 'yung panayam na iyon. Ngayon, isa ito sa mga pinakabinabasang papel ko. Kaya, sa siyensiya, pilosopiya, literatura, o sa agham panlipunan, wala akong nakitang problema. Nasa tao lang talaga. Kaya di ako sang-ayon sa sinasabi ni Sibayan na dapat mahaba ang proseso ng intelektuwalisasyon. Sa akin, tinatamad lang ang mga Pilipino ngayon na gamitin [ang wikang Filipino]. Kapag subukan nilang gamitin, kayang-kaya. *In fact*, nabanggit ko si Dr. Fortunato Sevilla, isa siya sa nagpasimuno sa UST na taon-taon, mayroon silang *lecture* sa *Science* na nasa Filipino at ginamit ko siya *actually* na *source* sa *paper* ko kay Albert Einstein.

HJ: Paano ninyo naman tinutugunan sa pagtuturo ang pagkakaiba-iba ng mga estudyante sa klase ng Pilosopiya at madali ba sa inyong maglipat-lipat ng *medium* mula sa Ingles patungong Filipino at Filipino patungong Ingles?

FPD: Depende kung sino ang kausap. Kung saan ka nag-umpisa. Kasi kapag sa Ingles, tuloy-tuloy na 'yan. Kung nagsimula sa Filipino, tuloy-tuloy na rin 'yan. Ang problema lang, marami akong papel sa Pilosopiya ang nakasulat pa sa Ingles. May mga pagkakataon din sa undergrad, nagtuturo kasi ako ng Pilosopiya sa Philosophy Department at kung minsan Filipino ang paper ko, tapos may mga *foreign students* o di marunong mag-Filipino, *English* itinuturo ko at dapat magpaturo sila sa mga kklase nila kung paano mauunawaan yung papel na 'yun [sa Filipino].

HJ: Hindi po ba nakakaapekto ang ganitong panuntunan sa umiiral na polisiya ng unibersidad ukol sa anong wika ang dapat gamitin sa pagtuturo ng Pilosopiya?

FPD: Walang *rule* 'yan. Dapat siguro, *English* ang silabus pero ang pagtuturo mo pwede sa Filipino.

HJ: Paano po pinagsisikapin o may pagsisikap na bang magkaroon talaga ng diskurso sa pamimilosopiya sa Filipino dito sa La Salle o sa panahon ninyo noong nag-aaral sa UST?

FPD: Wala akong maalala sa UST sa panahon namin. Di ko alam ang *proponent* niyan [pamimilosopiya sa Filipino] sa UST. Siguro si Emman at si Dr. Jovy Cariño² ngayon. Kaya, baka sila ang nagtataguyod ng *Filipinization* ng Pilosopiya sa UST. Dito sa La Salle, sina Quito at Abulad ang pinakarepresentante ng *Filipinization*. Bagaman si Dr. Timbreza³ na Tomasino rin ay tagapagtaguyod din nito.

² Si Dr. Jovito "Jovy" Cariño ay kasalukuyang propesor ng UST-Departamento ng Pilosopiya na nagsusulat din ng mga artikulo sa wikang Filipino. Liban sa mga pag-aaral na nakatuon sa pilosopiya, interes niya rin ang mga pananaliksik sa larangan ng kultura, kasaysayan at panitikang Filipino.

³ Si Dr. Florentino Timbreza ay alumnus ng UST at nagtapos ng Doktorado sa Pilosopiya noong 1980. Kilala si Timbreza bilang unang Pilipinong umakda ng aklat sa Pilosopiyang Filipino at kauna-unahang mag-aaral sa kanyang larangan na sumulat ng kanyang disertasyon sa wikang Filipino.

HJ: Sa inyong palagay, bakit mahirap basagin ang ganitong problema kaugnay sa **pagsusulong ng Filipinisasyon sa Pilosopiya?**

FPD: Kasi *foreign* ang mga *source* na teksto. May problema na nga tayo na hindi tayo nakakabasa ng *German*, hindi nakakabasa ng *French*. Tapos, karamihan sa mga textbook natin ay nasa Ingles.

HJ: Pero hindi po ba pwedeng matugunan ito ng pagsasalin?

FPD: Kaya nga, pero sa atin, walang masyadong nagsasalin. Naudlot iyong proyekto natin noon di ba? Halimbawa sa UST, binalak o binabalak nila noon ang *Translation Academy*, at meron din dapat dito [sa La Salle].

HJ: Sino po ang nagpanukala ng *Translation Academy* sa UST?

FPD: I *think* si Fr. Fermin, yung *Dean* sa UST noon. Balak nila noon na unti-unting isalin ang ginagamit nating mga *readings* sa wikang Filipino. Kaya lang, hindi natin naresolba 'yung *language* mismo na hanggang ngayon ay isyu pa rin. Halimbawa, may mga kaibigan akong taga- Southern Leyte, mga Cebuano kasi kami. Kapag nakita na nila 'yung pamagat ng libro ko [sa Filipino], wala na, hindi na nila babasahin. *So in fact*, kapag ipinipilit ang Filipino na ginagamit natin, maraming nadidismaya sa atin. Hindi lang natin alam 'yan. Nalalaman lang natin kapag pupunta tayo sa ibang parte ng Pilipinas. Ibig sabihin, hindi naresolba ang isyu sa wika. Nandyang pa rin 'yan. Siguro, isa sa ambag ko sa departamento ay iba 'yung *variety* ng Filipino ko dahil Cebuano ako. Sa isa sa mga *lecture* ko noon, buhay pa si Br. Rolly Dizon, isang llonggo, sinabi nya, "di ko nasusundan ang isang panayam gamit ang Filipino, pero 'yung panayam mo, naiintindihan ko." Kasi iba 'yung Filipino ko na nasusundan ng mga Bisaya.

HJ: Batay sa inyong karanasan, mahalaga ba ang papel ng wikang Filipino sa dikursong pilosopikal sa Pilipinas?

FPD: Mahalaga kasi kahit sabihin nating iba-iba ang wika natin, kahit sabihin nating hindi naresolba ang politika natin sa wika. Sa pagitan ng Filipino at Ingles, mas malapit pa rin ang Filipino. Si Pacquiao kapag nagsasalita siya ng Filipino mas kaya niya. Pero pagsalitaan mo siya ng wikang Ingles mas hirap siya. Bakit? Dahil Cebuano si Pacquiao, mas malapit sa kanya ang wikang Filipino. Iyong *structure, grammar at deep grammar* ng Filipino, at saka maraming *vocabulary* nito ang magkakatulad. *So*, kahit sabihin nating may problema tayo sa politika ng wika, mas malapit sa puso at diwa ng mga Pilipino, kahit anuman siya, ang wikang Filipino.

HJ: Ibig sabihin, ang halaga ng wikang Filipino sa diskursong pilosopikal ay makapag-usap-usap tayo?

FPD: Sa wikang Filipino, madadala mo ang usapan. Maikokontekstuwalisa mo ito. Maibababa mo ang diskurso sa sariling wika at antas nito sa karaniwang tao.

HASAAN

Ngunit, ang pinag-uusapan natin dito ay ang Filipino na ginagamit natin sa araw-araw at hindi ang artipisyal na Filipino, hindi iyong puristang Filipino na kasing hirap intindihin ng wikang Ingles. *In fact*, kapag nagtatalakayan tayo tungkol sa pananaliksik, nagkokonseptuwalisa tayo, nagbe-*brainstorming* o nagkokomperensiya tayo, di ba magandang gamitin yung wikang Filipino? Kasi may talakayan at malayang palitan ng ideya at kaisipan.

HJ: Interesante ‘yung sinasabi ninyong uri ng Filipino sa diskursong pilosopikal para sa karaniwang tao? Ano po ang ibig sabihin ninyo nito?

FPD: Karaniwang Filipino, ‘yung pang-araw-araw. Ang problema kasi natin, may mga *readings* tayo sa *high school* in Filipino pero *classical* ‘yung Filipino. Kapag binasa mo ay hindi mo maintindihan. Dito natatakot ‘yung mga Cebuano, halimbawa. Kapag nagbabasa ng Filipino na malalim at hindi nila maunawaan. Tinatawag na eleganteng Filipino na hindi naman ginagamit. Kaya kapag iyan ang ginagamit mo sa diskusyon baka wala rin mangyayari. Sa Karaniwang Filipino, mas naiintindihan siya ng nakararami. Kasi kapag ini-*isolate* mo [ang kausap mo], ini-*isolate* mo na rin ‘yung sarili mo. Maraming *exluded* at hindi kasama sa usapan. Kaya sa wikang Ingles, parang ganoon din, may naisasantabi kasi hindi nauunawaan at walang talakayan. Kapag *archaic* na Filipino ang gagamitin o ‘yung eleganteng Filipino o anupamang puristang Filipino, marami rin ang ma-*exclude*. O di ba si Bomen ⁴, isa sa mga kritika niya kay Zeus Salazar ay ang paggiit niya na dapat Filipino lang. *So* ibig sabihin, may ma-*exclude* ka rin. Mahalaga sa diskursong pilosopikal na kasali ang lahat at sa wika na karaniwan sa lahat, at ito ang Filipino na para sa lahat.

HJ: Sa sarili ninyong pagtataya, ano ang kasalukuyang kalagayan ng Pilosopiyang Filipino sa Pilipinas?

FPD: Marginalized discourse din ang Pilosopiyang Filipino. Ngayon, dumarami na ang nagsusulat sa Pilosopiyang Filipino. Dumarami na ang tumatanggap ng mga artikulo na nasa wikang Filipino, at tinatalakay ang Pilosopiyang Filipino. Sa katunayan, may Kritike⁵ ang UST at may mga papel akong naisulat sa wikang Filipino sa journal na ito na nagdadalumat sa Araling Pilipino at Pilosopiyang Filipino. Gamit ang mga dayuhang Pilosopo na nakakontekstuwalisa sa karanasang Pilipino, nagagawa nating makipagdayalogo sa labas mula sa panloob nating mga pambansang isyu at problema.

HJ: Paano po ninyo nakikita ang talaban ng Pilosopiyang Filipino at Araling Pilipino?

⁴ Si Dr. Ramon “Bomen” Guillermo ang may-akda ng “Pook at Paninindigan: Kritika ng Pantayong Pananaw” na inilathala ng UP Press noong 2009. Tinalakay sa aklat ang komprehensibong pagsusuri ni Guillermo sa binalangkas na Pantayong Pananaw ni Zeus A. Salazar at ng iba pang historyador sa UP noong dekada ‘80.

⁵ Ang Kritike ay ang opisyal na open access journal ng UST-Departamento ng Pilosopiya. Ang mga nalalathalang artikulo sa journal na ito ay dumaraan sa proseso ng peer-review, may katingang interdisiplinaryo at internasyunal na journal sa Pilosopiya na itinatag noong 2007. Tumatanggap din ang journal ng mga paksang nagmumula sa iba’t ibang larangan na may matatag na nilalamang pilosopikal.

FPD: Ang Pilosopiyang Filipino ay dapat [maging] bahagi ng Araling Pilipino, dahil isang diskurso ito. Kahit sabihin nating isang maliit na diskurso lang ito, bahagi pa rin ito ng Araling Pilipino. Pwede siyang gamitin para mapagyaman ang Araling Pilipino. Katulad ng ginagawa ko ngayon. Ginagamit ko yung Pilosopiya para mas laliman ang pag-aaral at pagsusuri sa Araling Pilipino, maipaunawa ang mga konseptong pilosopikal sa sarili nating karanasan at kalagayan.

HJ: Paano tutugon ang Pilosopiyang Filipino at Araling Pilipino sa mga hamon ng programang Kto12?

FPD: Dito sa La Salle, ang ginawa naming proposal ay *Philippine Studies* at nakapaloob din dito ang ilang asignaturang nakatuon sa Pilosopiya. Halimbawa, may asignaturang Postmodernismo at Pilosopiya ng Kultura sa *Graduate Studies* na itinuturo ko. Nakita naming solusyon sa pagdidisenyo ng sariling kurikulum, hindi lang limitado dapat sa wika ang ituturo ng mga propesor sa Filipino, kundi *Philippine Studies* at dapat maipakita ito sa mataas na diskurso. Ang Pilosopiya naman ay walang problema kasi may programa. Pero ang Filipino ay talagang may problema kasi hindi na isinama sa bagong *GE curriculum* [General Education Curriculum] ng CHED ⁶. So, ipinapakita namin na *Philippine Studies* 'yung itinuturo namin. Mas mataas ang antas at hindi *repetition* kung ano ang ituturo sa Grade 11at 12. Nakumbinsi namin ang komite kaya tatlong kurso ang ginawa na namin para maging *elective*. Nasa kontrol lahat ito ng Filipino Department at lahat ay kukuha nito.

HJ: Paano naman haharapin ng Pilosopiyang Filipino at wikang Filipino ang *ASEAN Integration*?

FPD: Naniniwala ako sa sinasabi ni Dr. Marot⁷ na dapat lalong patingkarin at patatagin natin iyong kultura natin. Hinaharap natin 'yung integrasyon kaya dapat maipakilala natin kung sino tayo bilang mga Pilipino, at lalong idiin ang identidad natin kapag nakapag-*interact* tayo sa *ASEAN community*. Kung anong meron tayo, iyan ang maiaambag natin sa mga karatig bansa sa *ASEAN*. *Otherwise*, lalamunin na lang tayo at mawawalan ng sariling identidad, lalo't matatag ang kultura ng mga bansang kasali sa *ASEAN*. Malakas dapat ang ating wika at kultura. Dapat lumalawak din tayo. Panahon na siguro para pag-aralan ang ugnayan ng wikang Filipino sa Malay, Bahasa Indonesia at iba pa. Dapat *conscious* din tayo sa mga ugnayang pangkultura at pangkasaysayan.

⁶ Bilang tugon sa inilabas ng Korte Suprema na Temporary Restraining Order laban sa CMO 20 s. 2013 na nagtanggag sa Filipino at Panitikan bilang asignatura sa kolehiyo, naglabas ng bagong memorandum ang CHED noong Hulyo 18, 2016 na nag-uutos sa mga kolehiyo at paman-tasan na panatilihin ang implementasyon ng CHED Memorandum Order 69 s. 1995 at CMO 4 s. 1997 na may malinaw na probisyon ukol sa pagkakaroon ng yunit ng Filipino at Panitikan sa General Education Curriculum ng mga kolehiyo at unibersidad.

⁷ Si Dr. Maria Crisanta "Marot" Nelmidia-Flores ay kasalukuyang propesor sa UP-Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas. Siya ay part-time faculty din sa Departamento ng Filipino ng DLSU na nagtuturo ng kursong Etnisidad, Kaakuhan at Pagkabansa at Kulturang Popular at isa sa mga Komisyoner ng Komisyon sa Wikang Filipino.

HJ: Sa pananaliksik, kailangan din ba natin makahubog ng interes at agenda?

FPD: Panukala ko ang *comparative studies*. Dapat pinapansin na natin na hindi na lang *Philippine Studies* malaon, nakakalimutan natin ang Pilipinas ay halos karugtong ng *South East Asia*. Maaaring magsagawa ng mga pananaliksik na tutugon sa pangangailangan natin bilang bansa at kabahagi rin ng *ASEAN*.

HJ: Sa isyu ng internasyunalisasyon, paano ito haharapin ng wikang Filipino at Pilosopiyang Filipino ang mga pamantayan ng internasyunalisasyon?

FPD: Nabanggit ko na 'yan sa talk ko sa UST noon. Ang *internationalization* ay tungkol sa pagpapalakas ng mga pamantasan natin. Palakas ang mga pamantasan natin sa pamamagitan ng pananaliksik, at lalakas lamang ang pananaliksik natin kung matatag ang wika natin. Kung hindi, sunud-sunuran lang tayo sa gusto ng ibang *university*. Lagi lang tayong gagawing partner ng mga *university* sa pagpapatakbo ng pananaliksik nila samantalang meron tayong sariling kultura at agenda ng pananaliksik. Dapat mag-usap-usap tayong mga Pilipino ukol sa ating interes at agenda na kapaki-pakinabang sa ating sariling lipunan. Sa palagay ko, paraan ang wika para maging matatag iyong programa rin natin sa pananaliksik. Hindi dapat balewalain ang wika dahil mahalagang ambag natin ito sa *internationalization* at maituturo rin natin ang lalim at kabuluhan nito sa ibang bansa. Dapat maging matalino tayo sa ating sariling wika, alamin ang sarili nating karanasan at kagalingan. Kapag natugunan natin ang mga ito, ito ang pagmumulan ng ating lakas, saka lamang tayo papansinin ng ibang bansa.